

Takdang Aralin

Impormasyon at Patnubay para sa mga Magulang

Ang mga magulang at pamilya ay may ginagampanang isang mahalagang papel sa proseso ng takdang aralin. Sama-sama, ang mga pamilya ay makakatulong sa mga kabataan na bumuo ng mabuting kasanayan at kaugalian tungo sa pagiging panghabambuhay na mga mag-aaral. Hindi ninyo trabaho ang gawin ang takdang aralin para sa kanila, bagkus ay magbigay ng suporta, panghihikayat at magbigay ng mga katanungan na tutulong sa kanilang makuha ang mga sagot sa sarili nilang paraan.

Bakit nagbibigay ng takdang aralin ang mga guro?

Ginagamit ng mga guro ang takdang aralin:

- Upang maunawaan ng mga mag-aaral at irepaso ang gawaing tinalakay sa klase
- Upang malaman kung nauunawaan ng mga mag-aaral ang leksyon
- Upang matulungan ang mga mag-aaral na matutunan kung paano humanap o gumamit ng higit pang impormasyon ukol sa paksa
- Upang makapagturo ng responsibilidad at karaniwang gawain.



Mga paraan ng pagsuporta sa mga pagsusumikap ng inyong anak sa takdang aralin

- Balansehin ang mga pangangailangan sa oras ng inyong anak—mga gawain sa paaralan, isports, gawaing bahay—na may inaasahang oras para sa takdang aralin.
- Kilalanin ang istilo ng pag-aaral ng inyong anak. Ang ibang mga mag-aaral ay mahusay na nagagampanan ang gawain kapag may maraming pahinga, ang ilan ay sa isang aktibong kapaligiran, ang ilan ay sa lubos na katahimikan. Talakayin ang mga isyung ito kasama ang inyong anak, posibleng mag-eksperimento upang mah-

anap ang tamang pagtityempo at kapaligiran para sa pagkumpleto ng takdang aralin.

- Hikayatin ang kapamaraan at kahusayan ng inyong anak sa paglutas ng problema. Halimbawa, kung ang takdang aralin ay nakalimutan, bigyan siya ng katanungan kagaya ng “Nakapaskil ba ito online?” “Sino ang maaari mong tawagan sa iyong klase upang makuha ito?” o “Siniliksik mo na ba nang husto ang iyong backpack?”
- Bumuo ng pampamilyang karaniwang gawain ng tamang pagkain at pagtulog.
- Sumali sa Back-to-School Night, kumperensya ng mga magulang at guro, at open house; at basahin ang lahat ng mga komunikasyon mula sa paaralan.

Ilang oras ang dapat gugulin ng aking anak sa kanyang takdang aralin bawat gabi?

Karamihan sa mga edukador ay sumasang-ayon na:

- Para sa mga batang nasa baitang K-2, mas epektibo ang takdang aralin kung ito ay hindi lalampas nang 20 minuto bawat araw ng may pasok.
- Ang mas nakatatandang mga batang nasa baitang 3-6 ay nakakaya itong gawin sa loob ng 30-60 minuto bawat araw.
- Para sa mga batang nasa middle at high school, 2 oras na takdang aralin ang maaaring maitalaga.
- Ngunit ang oras ng takdang aralin at mgaistratehiya ay maaaring mag-iba ayon sa guro at paaralan.

Mga ilang bagay na itatanong tungkol sa takdang aralin

- Maaaring sabihin sa inyo ng guro ng inyong anak, kadalasan tuwing back-to-school night, kung gaano karaming oras ang inaasahang gugugulin ng mga mag-aaral sa takdang aralin.
- Ang guro ng inyong anak ay maaaring magkaroon ng isang website o ibang mapagkukunan na nagpapaskil ng mga takdang aralin.
- Ang paaralan ng inyong anak ay maaaring magkaroon ng sistema ng paggrado online na nagpapahintulot sa mga magulang na i-tsek ang mga grado ng kanilang anak, pagpasok at estado ng takdang aralin araw-araw. Ito ay nagpapahintulot sa iyong pangunahan ang mga isyu bago pa ito humantong sa pagiging problema.
- Mahalagang malaman ang kung paano pangasiwaan ang takdang aralin kung kinakailangan ng inyong anak na lumiban sa klase. Siguraduhing nalalaman at nauunawaan ninyo at ng inyong anak ang patakaran ng ito para sa bawat klase.

Sa impormasyon na, apos y:

www.capta.org/homework

or search “homework” at www.PTA.org